# PAGLIACCI

**Taon: 1948**
**Lugar: Isang nayon sa Calabria, Italy**

**Akto I**
Sinalubong ng mga taganayon ang pagdating ng isang grupo ng mga naglalakbay na manananghal: Ang pinuno na si Canio, ang kaniyang asawang si Nedda, at dalawang iba pang payaso, sina Tonio at Beppe. Inimbitahan ni Canio ang lahat sa isang pagtatanghal noong gabing iyon, at inimbitahan siya ng mga taganayon na uminom. Isang lalaki ang nagbirong pagkakataon na ni Tonio na akitin si Nedda. Sinabi ni Canio, na biglang naging seryoso, na hindi dapat ginagawang biro ang katapatan ng kaniyang asawa.

Nang wala na siya, nag-alala ang nahintakutang si Nedda tungkol sa mapusok na pagseselos ni Canio. Habang nagmamasid sa mga ibon, kumanta siya na gusto niyang maging malaya gaya ng mga ibon. Nakikinig din si Tonio sa kaniyang kanta. Dahil sa sobrang pagkagusto, nagmakaawa siya kay Nedda na mahalin siya. Nagtalo sila at umalis si Tonio na galit na galit, habang mabilis na paparating ang kaniyang tunay na gusto, isang taganayon na si Silvio. Sa kabila ng madamdaming pakiusap ni Silvio, sa una ay tumatanggi si Nedda na magtanan, na natatakot sa kung ano ang puwedeng gawin ni Canio. Sa wakas, nakumbinsi rin siyang tumakas kay Canio.

Galit dahil sa pagtanggi ni Nedda na sumama sa kaniya, bumalik si Tonio at nakita ang magkalaguyo. Nagmadali siya para sunduin si Canio. Dumating ang dalawang lalaki na saktong narinig ni Canio si Nedda na nangangakong kakatagpuin niya si Silvio sa hatinggabi. Sinuntok ni Canio ang batang lalaki, pero siya ay nakatakas. Tumanggi si Nedda na ibigay kay Canio ang pangalan ng kaniyang kalaguyo. Umalis na si Nedda para maghanda sa palabas. Sinabi ni Beppe kay

Canio na dapat siyang maghanda para sa pag-akto bilang si Pagliaccio. Punong-puno ng galit at sama ng loob, naghanda si Canio para sa pagtatanghal.

**Intermisyon**

**Akto II**

Nagtipon-tipon ang mga taganayon sa isang pamilyar na komedya tungkol kay Pagliaccio at Columbine, na kung saan niloko ang lalaki ng kaniyang taksil na asawa. Ang lihim na pagkikita ni Columbine (na ginampanan ni Nedda) at ng kaniyang kalaguyo na si Harlequin (na ginampanan ni Beppe) ay inabala ni Pagliaccio (Canio). Nagpatuloy ang pagtatanghal gaya ng inaasahan hanggang sa pumasok sa entablado ang wala sa sarili na si Canio. Pinipilit niyang alamin ang pangalan ng kalaguyo ni Nedda. Sinikap niyang magpatuloy sa pagtatanghal pero patuloy na nagwawala si Canio. Pumalakpak ang manonood sa pagiging makatotohanan ng kaniyang pag-akto. Patuloy na tumatanggi si Nedda kay Canio, na umiiyak na hinding-hindi niya sasabihin ang pangalan nito. Dahil hindi na makapagpigil, sinaksak siya ni Canio. Nagmadaling pumunta sa entablado si Silvio para subukang iligtas si Nedda at pinatay rin siya ni Canio. Ipinaalam sa nahintakutang manonood na tapos na ang komedya.